Impact Factor (SJIF): 6.126 E-ISSN: 2583-1615, P-ISSN: 3049-3498

International Journal of Research in Academic World

Received: 22/August/2025 IJRAW: 2025; 4(10):201-213 Accepted: 04/October/2025

# Ang Sosyal Network sa Pagpapayaman ng Bokabularyo at Kasanayang Komunikatibo ng mga Mag-Aaral

*[1]Charmaine R Ramos

*[1]Institute of Graduate and Professional Studies, Lyceum-Northwestern University, Dagupan City, Philippines.

**Abstract**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong suriin ang kontribusyon ng sosyal networking platforms sa pagpapayaman ng bokabularyo at pag-unlad ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa tatlong aspeto: kognitibo, apektibo, at sosyal. Ginamit ang teoretikal na batayan ng pag-aaral ang Cognitive-Affective-Social Theory of Learning in Digital Environments nina Schneider *et al*. (2021), ginamit ang kwantitatibong pamamaraan ng pananaliksik na may cross-sectional survey. Ang huling bahagi naman ay gumamit ng kwalitatibong pamamaraan sa pamamagitan ng focus group discussion.

Ang kwantitatibong yugto ay isinagawa gamit ang talatanungan na sumailalim sa pilot testing na nagresulta sa reliability coefficient na 0.94, habang ang kwalitatibong yugto ay isinagawa sa pamamagitan ng focus group discussions. Ang mga respondante ng pag-aaral ay 223 mag-aaral sa baitang 7 mula sa tatlong paaralan sa Jaen, Nueva Ecija, kasama ang 24 mag-aaral para sa kwalitatibong bahagi.

Batay sa resulta, mas maraming babae ang gumagamit ng sosyal midya, partikular na ang Facebook, na siyang pinakaginagamit na plataporma. Karaniwang naglalaan ang mga mag-aaral ng isa hanggang dalawang oras bawat araw para sa online na pakikipag-ugnayan at pag-aaral. Gayunpaman, lumitaw na hindi ang tagal ng paggamit kundi ang kalidad ng nilalamang tinitingnan ang mas mahalagang salik sa pagpapayaman ng bokabularyo.

Sa kognitibong aspeto, natuklasang nakatutulong ang sosyal midya sa mas malalim na pag-unawa ng aralin, pagsusuri ng impormasyon, at pagbibigay ng opinyon. Sa apektibong aspeto, tumataas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng sarili at pagpapakita ng respeto sa iba. Sa sosyal na aspeto, nagiging mas aktibo sila sa pakikilahok at pakikisalamuha.

Bilang tugon sa natuklasang datos, binuo ang isang balangkas sa pagpapalawak ng bokabularyo at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Naglalaman ito ng mga hakbang na nakapokus sa input, proseso, at awtput, na naglalayong gawing mas makabuluhan at epektibo ang paggamit ng sosyal midya bilang kasangkapan sa pagkatuto ng wika.

**Keywords:** Sosyal networking, bokabularyo, kasanayang komunikatibo, kognitib, apektib, at sosyal.

## Introduction

Sa makabagong panahon, ang sosyal midya ay naging mahalagang bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral. Ginagamit ito hindi lamang bilang plataporma ng pakikisalamuha kundi pati na rin bilang kasangkapan sa akademikong pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga platform tulad ng Facebook, TikTok, at Instagram, nagkakaroon ng mas malawak na *exposure* ang mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng wika at istilo ng komunikasyon. Gayunpaman, nananatili ang tanong kung paano ito nakakatulong sa pagpapalawak ng kanilang bokabularyo at kasanayang komunikatibo, lalo na sa konteksto ng pormal na edukasyon.

Ang sosyal midya ay nagbibigay ng maraming pagkakataon para matuto ang mga mag-aaral ng bagong bokabularyo. Sa kognitibong aspeto, ang mga *educational posts, videos*, at *online discussions* ay nagiging tulay upang mas maunawaan nila ang mga aralin sa paaralan. Ayon kay Cruz (2019), epektibong kasangkapan ito para gawing mas simple at madaling maunawaan ang masalimuot na aspeto ng wika tulad ng gramatika at wastong paggamit ng mga salita. Gayunpaman, maaaring maapektuhan din ang tamang paggamit ng wika dahil sa impormal na istilo ng komunikasyon na karaniwan sa sosyal midya. Samantala, sa apektibong aspeto, ang aktibong pakikilahok sa *online discussions* at pagbabahagi ng mga saloobin ay nakapagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang opinyon. Ayon kina Jones at Hafner (2021), may positibong impluwensya ang digital platforms sa motibasyon ng mag-aaral sa paggamit ng wika, subalit nangangailangan ito ng tamang paggabay upang mapanatili ang balanseng paggamit nito sa pormal at impormal na konteksto. Bukod dito, sa sosyal na aspeto, nagiging tulay ang sosyal midya upang mas mapabuti ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang tao. Ang pakikilahok sa *collaborative learning groups* o *forums* ay nagbibigay ng pagkakataon upang malinang ang kanilang kakayahan sa pakikipagtulungan at paggamit ng wika sa mga usaping panlipunan. Gayunpaman, ayon kay Al-Jarf (2020),

***Corresponding Author:** Charmaine R Ramos

mahalagang matutunan ng mga mag-aaral ang tamang paggamit ng wika upang maiwasan ang maling interpretasyon o hindi angkop na komunikasyon.

Bagamat maraming pag-aaral ang nagbigay-diin sa epekto ng sosyal midya sa edukasyon, kakaunti pa rin ang masusing pagsisiyasat sa ugnayan nito sa bokabularyo at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa konteksto ng pormal na edukasyon. Sa lokal na konteksto, maraming guro at mag-aaral ang nakakakita ng potensyal ng sosyal midya bilang kasangkapan sa pagkatuto, ngunit limitado ang mga hakbang upang magamit ito nang epektibo. Halimbawa, bagamat ginagamit ng ilan ang sosyal midya upang magturo ng tamang wika at komunikasyon, hindi malinaw kung sapat na ito upang magdulot ng pangmatagalang pagkatuto o tamang balanse sa pormal at impormal na paggamit ng wika.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay tumutugon sa pangangailangang masuri ang epekto ng sosyal networking sa bokabularyo at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Layunin nitong tukuyin kung paano nila nagagamit ang mga natututunang salita mula sa sosyal midya sa iba't ibang konteksto—mula sa pormal na talakayan sa klase hanggang sa impormal na pakikipag-usap sa kanilang kapaligiran. Bukod dito, layunin din nitong alamin kung paano nakaaapekto ang paggamit ng sosyal midya sa kanilang kumpiyansa, motibasyon, at pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng mga balangkas na makatutulong sa pagpapabuti ng bokabularyo at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral gamit ang sosyal midya.

## Metodolohiya

Ang pag-aaral ay gumamit ng kwantitatibong pananaliksik na may disenyong *cross-sectional survey*. Minarapat gamitin ang disenyong ito upang alamin ang kwantitatibong datos mula sa mga mag-aaral sa kanilang pagkalantad sa sosyal network sinundan ito ng kwalitatibong pananaliksik gamit ang *focus group discussion* sa pananaw at obserbasyon sa kung paano naiimpluwensyahan ng sosyal network ang bokabularyo at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pagkatutong kognitibo, apektibo, at sosyal. Nagsagawa rin ng balidasyon ng mga naging tugon sa pamamagitan ng panayam at kinuha ang mga karanasan ng mga mag-aaral. Bibigyan din ng interpretasyon ang mga nakalap na datos at tinalakay sa resulta ng pag-aaral.

Nagsagawa rin ng analisis ng ugnayan ng mga baryabol tulad ng kasarian ng mga mag-aaral at ang kanilang pagkakalantad sa sosyal midya. Gayundin ang pagkakalantad sa sosyal network at epekto nito sa kanilang bokabularyo at kasanayang komunikatibo batay sa sariling pananaw ng mga mag-aaral.

## Resulta at Pagtalakay

### 1. Profayl ng mga mag-aaral batay sa kasarian

**Talahanayan 1:** Profayl ng mga Mag-aaral Batay sa Kasarian

| Kasarian | Frequency | Percentage (%) |
|---|---|---|
| Lalaki | 107 | 48.0 |
| Babae | 116 | 52.0 |
| Kabuuan | 223 | 100 |

Makikita sa talahanayan sa itaas na ang kabuuang bilang ng tagasagot sa pag-aaral ay dalawang-daan at dalawampu't tatlo (223). Binubuo ng 48.0 bahagdan ang lalaki na may bilang na isang-daan at pito (107) samantala isang-daan at labing-anim (116) naman ang sa babae na katumbas ng 52 bahagdan. Ipinakikita nito na marami sa mga kababaihan ang gumagamit ng sosyal network kung ihahambing sa mga kalalakihan. Ayon sa pag-aaral nina Reyes at Santos (2021) sa paggamit ng sosyal midya at ang epekto nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay nagpakita na hindi gaanong nagkakaiba ang paggamit ng sosyal midya batay sa kasarian. Gayunpaman, binanggit sa kanilang pananaliksik na ang mga kababaihan ay mas madalas gumamit ng mga platform para sa komunikasyon at pagpapahayag ng damdamin, samantalang ang mga kalalakihan ay mas madalas sa mga larong online at impormasyon.

### 2. Pagkakalantad ng mga mag-aaral sa mga platform ng sosyal network.

#### i). Uri ng Sosyal Networking *Account* na Pagmamay-ari

**Talahanayan 2:** Sosyal Networking *Account* na Pagmamay-ari ng mga Mag-aaral

| Sosyal Networking Sayts | Frequency | Percentage (%) |
|---|---|---|
| Facebook | 221 | 94.6 |
| TikTok | 144 | 64.6 |
| Instagram | 72 | 32.3 |
| Snapchat | 24 | 10.8 |
| Twitter | 18 | 8.1 |

Ang Facebook ang pinakamaraming *account* na mayroon sa mga mag-aaral na may dalawang-daan at dalawampu't isa (221) katumbas ng 94.6 bahagdan. Sinundan ito ng TikTok na isang-daan at apatnapu't apat (144) o 64.6 na bahagdan. Mapapansin na dalawa lamang sa dalawang-daan at dalawampu't tatlo ang walang Facebook *account* o hindi gumagamit ng Facebook samantala ang Tiktok ay humigit sa kalahati. Kaya naman patuloy na pinauunlad ang mga sayt na ito upang higit na magamit sa mabisa at mabilis na daluyan ng impormasyon. Dahilan upang lalong mahikayat ang tao na gumagamit nito na nakatutulong sa paglawak at paglinang ng kaalaman maging ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral ni Junco (2012), natuklasan na may positibong ugnayan ang paggamit ng Facebook sa pagtaas ng engagement ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral. Sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga diskusyon at iba't ibang aktibidad sa Facebook, tumataas din ang kanilang interes at performans sa kanilang mga akademikong gawain.

Samantala, ayon sa pag-aaral na nailathala sa *Journal of Education, Humanities and Social Sciences* noong 2023, ang TikTok ay hindi lamang para sa libangan kundi nagagamit din sa edukasyon. Ipinakita na 76% ng mga kalahok ay natuto ng bagong kaalaman sa app, kasama ang mga praktikal na kaalaman sa wika at pang-araw-araw na pamumuhay. Ipinakita ng resulta na mas gusto ng mga mag-aaral ang maikling video para sa pag-aaral kaysa sa tradisyonal na klase, dahil mas nagbibigay ito ng interes at kasiyahan sa kanila.

### ii). Bilang ng Oras na Ginugugol sa Pag-*browse*

**Talahanayan 3:** Bilang ng Oras na Ginugugol sa Pag-*browse* sa mga Sosyal Networking Sayts

| Oras na Ginugugol sa Paggamit ng Sosyal Networking Sayts | Frequency | Percentage (%) |
|---|---|---|
| Mas mababa sa 1 oras | 35 | 15.7 |
| Isa hanggang dalawang oras | 64 | 28.7 |
| Dalawa hanggang apat na oras | 57 | 25.6 |
| Apat hanggang anim na oras | 34 | 15.2 |
| Higit sa anim na oras | 33 | 14.8 |
| Kabuuan | 223 | 100 |

Pangkaraniwang gumugugol ang mga mag-aaral ng isa hanggang dalawang oras sa paggamit ng sosyal networking sayt sa bawat araw na nakakuha ng 28.7 bahagdan na may bilang na animnapu't apat sa ginawang serbey. Sinundan ito ng dalawa hanggang apat na oras na may bilang na limampu't pito o katumbas ng 25.6 bahagdan. Mahaba ang oras na ito higit sa mga araw na may pasok, sapagkat bukod sa oras ng klase ay nagkakaroon rin sila ng oras sa paggawa ng aktibidad na may kaugnayan sa paaralan at iba pang gawain sa tahanan. Gayunpaman ay nakapaglalaan pa rin sila ng ganito kahabang oras sa paggamit ng iba't ibang sayt. Kaya naman nakatutulong ito upang mapaunlad ang kanilang sarili. Ayon sa isang pag-aaral ni Cheung *et al*. (2011), ang mga mag-aaral ay karaniwang naglalaan ng malaking bahagi ng kanilang oras sa mga sosyal networking sayts tulad ng Facebook. Ipinapakita ng kanilang pananaliksik na ang matagalang paggamit ng sosyal networking sayt ay may potensyal na makaapekto sa kanilang akademikong performance at mental na estado, depende sa antas ng paggamit at layunin ng mga aktibidad sa *online*.

### iii). Layunin ng Paggamit ng Sosyal Networking *Account*

**Talahanayan 4:** Layunin sa Paggamit ng Sosyal Networking Satys ng mga Mag-aaral

| Mga Layunin | Frequency | Percentage (%) |
|---|---|---|
| Makipag-ugnayan sa pamilya at kaibigan | 158 | 70.9 |
| Mag-aral o magsaliksik | 130 | 58.3 |
| Makakuha ng balita at impormasyon | 126 | 56.5 |
| Maghanap ng inspirasyon o ideya | 102 | 45.7 |
| Makahanap ng mga libangan at interes | 94 | 42.2 |

Ang pakikipag-ugnayan sa pamilya at kaibigan ang pangunahing layunin ng marami sa paggamit ng iba't ibang sosyal networking sayts. Nakakuha ito ng 70.9 bahagdan o katumbas ng isang-daan limampu't walo, sinundan ito ng layuning mag-aral o magsaliksik na may 45.7 bahagdan o isang-daan at tatlumpu, at makakuha ng balita at impormasyon na may isang-daan at dalawampu't anim o 56.5 bahagdan. Ipinapakita na makabuluhan ang paggamit ng mga mag-aaral sa mga sayts na mayroon sila dahilan upang maunawaan nila ang mga salita kaugnay ng mga impormasyon na kanilang nakukuha na nagpapalwak ng kanilang kasanayang komunikatibo. Ayon kina Ghufron at Ermawati (2018) na ang mga sosyal networking sayts o SNS ay nag-aambag sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga estudyante dahil sa kanilang interaksyon at pakikipag-usap sa iba sa online. Sa kanilang pag-aaral, nakita na ang regular na paggamit ng SNS ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga estudyante na matutunan at gamitin ang mga bagong salita sa kanilang mga pag-uusap, na tumutulong sa paglinang ng kanilang bokabularyo at komunikatibong kakayahan.

### 3. Ugnayan ng kasarian ng mga mag-aaral at kanilang pagkakalantad sa mga platform ng sosyal network

### i). Ugnayan ng kasarian ng mga mag-aaral at sosyal networking sayts na pagmamay-ari

**Talahanayan 5:** Ugnayan ng Kasarian ng mga Mag-aaral at Sosyal Networking Sayts na Pagmamay-ari

| Sosyal Networking Sayts | Pearson Chi-Square Value | df | p-value (2-sided) |
|---|---|---|---|
| Facebook | 0.203 | 1 | 0.653 |
| Twitter | 6.035 | 1 | 0.014 |
| Instagram | 18.425 | 1 | <0.001 |
| TikTok | 10.582 | 1 | 0.001 |
| Snapchat | 1.620 | 1 | 0.203 |

Batay sa pagsusuri gamit ang Chi-Square Test, natuklasan na ang kasarian ng mga mag-aaral ay may makabuluhang kaugnayan sa Twitter na may p-value na 0.014, Instagram na $p< 0.001$, at TikTok na $p = 0.001$ na nagpapakita na ang mga sayts na ito ay higit na ginagamit ng mga kababaihan. Ito ay maiuugnay sa katangiang Biswal at interaktibo ng mga Instagram at Tiktok na nag-aalok ng mga malikhaing paraan ng pagpapahayag ng sarili sa pamamagitan ng larawan, bidyo, at pagbabahagi ng nilalaman. Ayon kay Sheldon at Bryant (2020), ang Instagram ay mas nagugustuhan ng mga kababaihan dahil sa *visual-centric* na kalikasan nito na nagtatampok ng mga personal na kwento at *lifestyle content*. Sa parehong paraan, iniulat nina Luo at Zhang (2021) na ang TikTok ay mas ginagamit ng mga kababaihan para sa *creative expression, social interaction*, at *entertainment.*
Samantala, ang Twitter ay para sa pagpapahayag ng mga pananaw at pakikisangkot sa mga diskurso na kinagigiliwan ng mga kababaihan. Ayon kina Smith at Duggan (2019), mas pinapaboran ng mga babae ang Twitter dahil sa kakayahan nitong magbigay ng *real-time* na impormasyon at suporta para sa mga sosyal at personal na adbokasiya.
Bagamat mas kinahihiligan ng kababaihan ang ilang partikular na platforms tulad ng Twitter para sa mga diskurso at adbokasiya, ipinapakita ng pagsusuri na ang kasarian ay hindi nagiging pangunahing salik sa dami ng oras na inilalaan sa paggamit ng sosyal networking sayts. Ipinakikita rin na parehong lalaki at babae ay aktibong gumagamit ng iba't ibang sosyal midya platforms upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa komunikasyon, impormasyon, at libangan.

### ii). Ugnayan ng kasarian ng mga mag-aaral at bilang ng oras na ginugugol sa pag-*browse* sa mga sosyal networking sayt

**Talahanayan 6:** Ugnayan ng Kasarian ng mga Mag-aaral at Bilang ng Oras na Ginugugol sa Pag-*browse* sa mga Sosyal Networking Sayt

| | | Bilang ng Oras sa Paggamit ng Sosyal Networking Sayts |
|---|---|---|
| Kasarian (Babae o Lalaki) | Pearson Correlation | .040 |
| | Sig. (2-tailed) | .553 |
| | N | 223 |

**Chi square test of independence*

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang r=.040 at p-value na .553 ay mas mataas kaysa sa antas ng kahalagahan na α = .05 na nangangahulugan na walang ugnayan sa pagitan ng kasarian at bilang ng oras na ginugugol ng mga mag-aaral sa paggamit ng sosyal networking sayts. Ayon kay Anderson at Jiang (2019), parehong lalaki at babae ay naglalaan ng malalaking bahagi ng kanilang oras sa sosyal midya dahil ito ay naging mahalagang bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng kabataan para sa komunikasyon, libangan, at pagkuha ng impormasyon. Bukod dito, binanggit nina Rideout at Robb (2021) na habang maaaring magkakaiba ang layunin ng paggamit ng sosyal midya batay sa kasarian—gaya ng mas madalas na pagpapahayag ng damdamin ng mga babae at mas madalas na *gaming* at *media consumption* ng mga lalaki—hindi ito nangangahulugan na nagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa kabuuang oras na ginugugol sa mga platform na ito.

### iii). Ugnayan ng kasarian ng mga mag-aaral at layunin sa paggamit ng kanilang mga sosyal midya account

**Talahanayan 7:** Ugnayan ng Kasarian ng mga Mag-aaral at Layunin sa Paggamit ng Kanilang mga Sosyal Midya *Account*

| Layunin | Pearson Chi-Square Value | df | p-value (2-sided) |
|---|---|---|---|
| Makipag-ugnayan sa pamilya at kaibigan | .286 | 1 | .593 |
| Makakuha ng balita at impormasyon | 2.177 | 1 | .140 |
| Makahanap ng mga libangan at interes | .326 | 1 | .568 |
| Mag-aral o magsaliksik | 2.136 | 1 | .144 |
| Maghanap ng inspirasyon o ideya | 1.125 | 1 | .289 |

Batay sa resulta ng Chi-Square Test, ang ugnayan sa pagitan ng kasarian ng mga mag-aaral at kanilang mga layunin sa paggamit ng sosyal midya ay hindi makabuluhan sapagkat lahat ng p-value ay mas mataas kaysa sa antas ng kahalagahan na α = .05. Ipinapakita nito na walang makabuluhang pagkakaiba sa layunin ng paggamit ng sosyal midya batay sa kasarian.

Ayon kay Kuss at Griffiths (2015), ang sosyal midya ay ginagamit ng mga kabataan para sa iba't ibang layunin tulad ng pakikipag-ugnayan, impormasyon, at libangan, anuman ang kasarian. Sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Anderson at Jiang (2019) na nagsasaad na parehong lalaki at babae ang gumagamit ng sosyal midya para sa parehong mga layunin, kabilang ang pagbuo ng personal na relasyon at pagkuha ng impormasyon.

Dagdag dito, binanggit sa pananaliksik ni Appel *et al*. (2020) na ang kasarian ay hindi makabuluhang salik sa mga layunin ng paggamit ng sosyal midya, dahil parehong nakikipag-ugnayan ang lalaki at babae para sa mga aspeto tulad ng inspirasyon at libangan. Pinapatibay ito ng resulta ng pag-aaral nina Yang at Liu (2022) na nagsasaad na ang *gender differences* ay minimal sa mga layunin ng paggamit ng sosyal midya, lalo na sa mga aspeto ng akademikong pananaliksik at personal na interes.

Sa kabuuan, ang mga resulta ng pananaliksik na ito ay naglalarawan ng walang malinaw na ugnayan sa pagitan ng kasarian at layunin ng paggamit ng sosyal midya. Ipinapakita nito na ang sosyal midya ay nagiging pangunahing kasangkapan para sa komunikasyon, impormasyon, at personal na pag-unlad, anuman ang kasarian ng mga gumagamit.

### 4. Epekto ng sosyal network sa bokabularyo ayon sa pananaw ng mga mag-aaral

### i). Epekto ng Paggamit ng Sosyal Network sa Bokabularyo Ayon sa Pananaw ng mga Mag-aaral

**Talahanayan 8:** Epekto ng Paggamit ng Sosyal Network sa Bokabularyo ng mga Mag-aaral

| Epekto ng Paggamit ng Sosyal Network sa Bokabularyo | Weighted Mean | Verbal Description |
|---|---|---|
| Nauunawaan ang pagpapaliwanag ng guro sa klase | 4.41 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Hindi nahihirapang makipag-usap sa mga kaklase at kaibigan | 4.15 | Sumasang-ayon |
| Naiintindihan ang mga binabasa kaugnay ng aralin | 4.14 | Sumasang-ayon |
| Nakapipili ng tamang salita sa pahayag batay sa sitwasyon | 4.02 | Sumasang-ayon |
| Mas nauunawaan ang iba't ibang paraan ng pakikipag-usap | 3.96 | Sumasang-ayon |
| Nakabubuo ng mas magagandang kwento o sanaysay | 3.93 | Sumasang-ayon |
| Nasasagot ang mga tanong ng guro sa talakayan sa klase | 3.89 | Sumasang-ayon |
| Mabilis na nauunawaan ang pinag-uusapang paksa ng mga kaklase at kaibigan | 3.88 | Sumasang-ayon |
| Mas madaling maintindihan ang mga sinasabi sa mga presentasyon sa klase | 3.85 | Sumasang-ayon |
| Madaling naipapahayag ang opinyon sa harap ng ibang kaklase | 3.73 | Sumasang-ayon |
| Average | 4.00 | Sumasang-ayon |

***Legend:*** *4.21 - 5.00 Lubos na Sumasang-ayon; 3.41-4.20 Sumasang-ayon; 2.61 – 3.40 Medyo Sumasang-ayon; 1.81-2.60 Hindi Sumasang-ayon; 1.00 – 1.80 Lubos na Hindi Sumasang-ayon*

Ang resulta ng kwantitatibong datos ay nagpapakita na ang epekto ng paggamit ng sosyal network sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay ang pag-unawa sa pagpapaliwanag ng guro sa klase na may weighted mean na 4.41. Nagdudulot ito ng madaling pagkaunawa sa aralin at kaginhawahan sa pagsunod sa mga paliwanag ng guro. Malaking tulong ito sa kanilang karanasan na nagpapataas ng kanilang kasanayan sa pakikinig at pag-unawa ng mga kosepto. Bukod dito, ipinakikita rin ng datos na madali silang nakikipag-ugnayan sa mga kaklase at kaibigan at hindi rin nahihirapang intindihin ang mga araling binabasa, na nagkaroon din ng deskripsyon na sumasang-ayon.

### ii). Karanasan at Obserbasyon ng mga Mag-aaral sa Epekto ng Sosyal Network sa Bokabularyo

**Talahanayan 9:** Karanasan at Obserbasyon ng mga Mag-aaral sa Epekto ng Sosyal Network sa Bokabularyo

| Codes | Themes |
|---|---|
| Natututo ng bagong salita | Pagpapalawak ng bokabularyo |
| Pamilyaridad sa salita | Pagiging pamilyar sa mga salitang madalas gamitin |
| Naiuugnay ang mga salita sa mga aralin | Pagpapadali ng pag-unawa sa mga aralin |
| Nauunawaan ang kahulugan ng salita sa pahayag | Paglinang ng kasanayang umunawa |
| Nagagamit ng tama ang salita sa pahayag | Pagiging maingat sa bokabularyo |
| Natututo ng iba't ibang paraan ng pakikipag-usap | Pag-aaral sa istilo ng komunikasyon |

Ang pagkakalantad sa iba't ibang salita at ekspresyon sa sosyal networking sayts ay nagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nagiging pamilyar sila sa mga salitang madalas gamitin at nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa kahulugan at konteksto ng mga ito. Ang pamilyaridad na ito ay tumutulong sa mas mabilis na pag-unawa sa mga aralin sa paaralan, lalo na sa mga paliwanag ng guro, na nagdudulot ng mas epektibong pagkatuto at mas maayos na pagproseso ng impormasyon sa mga tekstong kaugnay ng aralin.

Bukod sa pagpapalawak ng bokabularyo, natututuhan din ng mga mag-aaral ang tamang paggamit ng wika sa pakikipag-usap. Sa tulong ng sosyal networking sayts, nagiging maingat sila sa pagpili ng mga salitang naaangkop sa bawat sitwasyon, na mahalaga sa maayos na komunikasyon sa guro, kaklase, at kaibigan. Ang kakayahang ito ay sumasalamin sa kanilang pagkatuto sa istilo ng komunikasyon at pagpapakita ng angkop na wika sa iba't ibang konteksto. Ayon nga kay Al-Jarf (2021), ang *exposure* sa sosyal midya ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na matutunan ang mga bagong salita at ekspresyon na karaniwang ginagamit sa impormal at pormal na komunikasyon. Ito ay nagiging daan upang mas mapalawak ang bokabularyo, na mahalaga sa epektibong komunikasyon. Dagdag pa rito, binanggit nina Rezaee at Oladi (2020) na ang patuloy na interaksiyon sa mga sosyal networking sayts ay nagtuturo ng "*real-world vocabulary*" na tumutulong sa mas mahusay na pag-unawa sa mga tekstong may kaugnayan sa aralin.

### 5. Epekto ng sosyal midya sa komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral sa kognitib, apektib, at sosyal na aspeto

#### i). Epekto ng Sosyal Midya sa Kasanayang Komunikatibo sa Kognitib na Aspeto Ayon sa Pananaw ng mga Mag-aaral

**Talahanayan 10:** Epekto ng Paggamit ng Sosyal Midya sa Kasanayang Komunikatibo sa Kognitib na Aspeto

| Kognitibong Aspeto | WM | Verbal Description |
|---|---|---|
| Nauunawaan ang mga impormasyon at naibabahagi nang malinaw sa iba | 4.14 | Sumasang-ayon |
| Nagagamit ang tamang paraan ng pagsasalita ayon sa sitwasyon | 4.12 | Sumasang-ayon |
| Nasusuri ang mga ideya at nakabubuo ng tamang opinyon | 4.11 | Sumasang-ayon |
| Nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa paksa | 4.03 | Sumasang-ayon |
| Madaling naiuugnay ang bagong aralin sa dati nang natutunan | 4.01 | Sumasang-ayon |
| Nasusuri ang opinyon ng iba at nagbibigay ng tugon nang maayos | 4.00 | Sumasang-ayon |
| Mas madaling nakasagot sa talakayan sa klase | 3.97 | Sumasang-ayon |
| Nakapagbibigay ng sapat na paliwanag sa mga opinyong nabuo | 3.96 | Sumasang-ayon |
| Nauunawaan at nagagamit ang iba't ibang salita sa pakikipag-usap | 3.96 | Sumasang-ayon |
| Nauunawaan ang mga salita, hindi lang sa literal na kahulugan | 3.87 | Sumasang-ayon |
| Average | 4.02 | Sumasang-ayon |

Ayon sa datos, ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan sa kognitibong aspeto ng kasanayang komunikatibo sa pamamagitan ng kanilang mga tugon. Sa average na weighted mean na 4.02, malakas ang pagsang-ayon ng mga mag-aaral na nauunawaan ang mga impormasyon at naibabahagi ito ng malinaw sa iba sa pamamamgitan ng tamang paraan ng pagsasalita, nasusuri ang mga ideya at nakabubuo ng tamang opinyon, at nakapagbibigay ng tamang paliwanag sa mga opinyong nabuo. Ang mataas na weighted mean sa mga aspeto ng pagsusuri at pagpapahayag ng impormasyon ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may malalim na pag-unawa sa paksa, nauunawaan at nagagamit nila ang iba't ibang salita sa pakikipag-usap.

#### ii). Karanasan at Obserbasyon ng mga Mag-aaral sa Kasanayang Komunikatibo sa Kognitib na Aspeto

**Talahanayan 11:** Karanasan at Obserbasyon ng mga Mag-aaral sa Epekto ng Sosyal Midya sa Kasanayang Komunikatibo sa Kognitib na Aspeto

| Codes | Themes |
|---|---|
| Mabilis na nauunawaan ang impormasyon | Pag-unlad ng kasanayang umunawa |
| Nagagamit ang tamang salita sa pahayag | Pag-aangkop ng wika sa konteksto |
| Naaangkop ang tamang paraan ng pagsasalita sa sitwasyon | Pagsasaayos ng paraan ng komunikasyon |
| Nasusuri ang katotohanan ng impormasyon | Pagiging maingat sa pagbibigay opinyon |
| Naiuugnay ang mga nakuhang impormasyon sa apaksa | Pagpapalalim ng kaalaman |

Ang unang pahayag ay nagpapakita ng pagpapabilis sa pag-unawa ng impormasyon. Sa paggamit ng sosyal networking sayts, natututo ang mga mag-aaral na mabilis na intindihin ang mga impormasyon, kaya naman nagiging madali para sa kanila ang pagbabahagi ng kaalaman sa iba. Ito ay nagsisilbing pundasyon sa kanilang pag-unlad ng kasanayang umunawa, na isang mahalagang bahagi ng proseso ng komunikasyon. Sa pamamagitan ng patuloy na *exposure* sa sosyal networking sayts, natututo silang mai-*apply* ang natutunang impormasyon sa aktwal na pakikipagtalastasan.

Samantala, ang susunod na pahayag ay nakatuon sa pag-aangkop ng tamang paraan ng pagsasalita sa bawat sitwasyon, isang aspeto ng pagsasaayos ng paraan ng komunikasyon. Ang sosyal networking sayts ay isang lugar kung saan nagkakaroon ng iba't ibang uri ng interaksyon—mula sa mga pormal na diskurso sa mga guro hanggang sa mas di-pormal na usapan sa mga kaibigan. Ang ganitong uri ng pag-uusap ay nagpapalawak sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng tamang wika at tono na naaayon sa bawat konteksto, na nagiging dahilan upang mapabuti ang kanilang komunikasyon sa pang-araw-araw.

Ang pagsusuri ng impormasyon at pagbuo ng tamang opinyon ay isang mahalagang aspeto ng kasanayang komunikatibo na natutunan mula sa sosyal networking. Dahil sa dami ng mga balita at impormasyon na makikita sa sosyal midya, natututo ang mga mag-aaral na mag-ingat sa pagbibigay ng opinyon at tiyakin na ang kanilang mga pananaw ay nakabatay sa mga tunay na impormasyon. Dito, mas pinahahalagahan ang pagiging maingat sa pagbibigay ng opinyon upang maiwasan ang maling interpretasyon at desisyon. Sa pamamagitan ng pagpapalitan ng mga ideya at opinyon sa sosyal network, natututo rin silang magbigay ng tugon nang maayos, na isang aspeto ng epektibong komunikasyon.

Sa pagpapalalim ng kaalaman, ang sosyal networking ay nagsisilbing isang mabisang kasangkapan sa pag-uugnay ng mga natutunan sa mga bagong paksa at aralin. Madalas na ang mga paksa na itinuturo sa paaralan ay napag-uusapan o nababasa na ng mga mag-aaral sa sosyal midya bago pa man ituro sa klase. Dahil dito, nagiging mas madali nilang nauunawaan ang mga aralin sa paaralan, dahil may kasanayan na silang mag-ugnay ng bago at dati nang natutunan. Ang ganitong uri ng pagpapalalim ng kaalaman ay tumutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga aralin, kaya nagiging mas handa sila sa aktibong pakikilahok sa klase. Ayon nga sa pag-aaral nina Rezaee at Oladi (2020), ang sosyal networking sayts ay nagtuturo sa mga mag-aaral na maging mapanuri sa dami ng impormasyon na kanilang nababasa. Sa pamamagitan ng ganitong kritikal na pagsusuri, natututo silang magbigay ng makatuwirang opinyon at umiwas sa maling impormasyon.

### a) Epekto ng Sosyal Midya sa Kasanayang Komunikatibo sa Apektib na Aspeto Ayon sa Pananaw ng mga Mag-aaral

**Talahanayan 12:** Epekto ng Paggamit ng Sosyal Midya sa Kasanayang Komunikatibo sa Apektib na Aspeto

| Apektibong Aspeto | WM | Verbal Description |
|---|---|---|
| May paggalang sa iba't ibang kultura at pananaw para mas maunawaan ang kausap | 4.37 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Natututong maghintay at makinig bago magsalita o magbigay ng opinyon | 4.28 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kontrolado ang damdamin para mapanatili ang maayos na pag-uusap | 4.24 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakapagbibigay ng inspirasyon sa mga nakikinig para mas maging aktibo sa usapan | 4.14 | Sumasang-ayon |
| Nagtitiwala sa sarili sa malinaw na pagsasabi ng opinyon at saloobin sa harap ng mga kaklase | 4.13 | Sumasang-ayon |
| Naipahahayag ang sariling damdamin nang maayos para maintindihan ng iba | 4.08 | Sumasang-ayon |
| Kayang maramdaman at maunawaan ang damdamin ng iba sa kanilang sinasabi | 4.02 | Sumasang-ayon |
| Naisasaayos ang paraan ng pagsasalita batay sa nararamdaman ng mga tagapakinig | 4.01 | Sumasang-ayon |
| Bukas sa pagtanggap at pagbibigay ng kapaki-pakinabang na puna | 4.00 | Sumasang-ayon |
| Natutuwa sa paggamit ng makabagong paraan ng pakikipag-usap | 3.98 | Sumasang-ayon |
| Average | 4.13 | Sumasang-ayon |

Lubos na sumasang-ayon ang mga respondante na ang paggamit ng sosyal network ay nagdudulot sa kanila na igalang ang iba't ibang kultura at pananaw ng iba upang higit na maunawaan na may weighted mean na 4.37. Ang paghihintay at pakikinig sa kausap bago magsalita o magbigay ng opinyon ay may 4.28 at 4.24 ang pagkontrol sa damdamin para sa pagpapanatili ng maaayos na pakikipag-usap. Mahalaga ang paglinang ng apektibong aspeto sa kasanayang komunikatibo sapagkat ang mga katangiang kaakibat nito ang nagsisilbing pundasyon ng mabisang komunikasyon.

### b) Karanasan at Obserbasyon ng mga Mag-aaral sa Kasanayang Komunikatibo sa Apektib na Aspeto

**Talahanayan 13:** Karanasan at Obserbasyon ng mga Mag-aaral sa Epekto ng Sosyal Midya sa Kasanayang Komunikatibo sa Apektib na Aspeto

| Codes | Themes |
|---|---|
| Nauunawaan ang pagkakaiba ng kultura at pananaw ng tao | Pagpapalawak ng perspektiba |
| Nakikinig sa opinion ng iba | Maaayos na interaksyon |
| Napipigilan ang emosyon | Pagsusulong ng pagkakaunawaan |
| Napipili ang tamang pananalita | Maingat na pakikipagtalastasan |
| Naiuugnay ang kausap | Epektibong interaksyon |
| Naihahanda ang sarili | Pagpapataas ng kumpiyansa |

Ang paglinang ng kasanayang komunikatibo gamit ang sosyal networking sayts ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang kultura at pananaw. Sa pamamagitan ng kanilang pakikisalamuha sa iba't ibang tao, natututo silang magbigay ng respeto sa pagkakaiba-iba, na nagreresulta sa pagpapalawak ng kanilang perspektiba. Ang pag-unawa sa ganitong aspeto ay mahalaga upang maitaguyod ang epektibong interaksyon at pagkakaunawaan.

Ang maayos na interaksyon ay nagmumula sa kakayahang makinig sa opinyon ng iba bago magbigay ng sariling pananaw. Ang pagiging bukas sa iba't ibang perspektiba at ang paggalang sa opinyon ng iba ay humuhubog sa mas maginhawa at makabuluhang pakikipag-usap. Dagdag dito, ang pagkontrol ng emosyon ay tumutulong upang maiwasan ang negatibong reaksyon, na nagbibigay-daan sa pagsusulong ng maayos na komunikasyon.

Ang maingat na pagpili ng tamang pananalita ay isa pang mahalagang aspeto na nagpapakita ng respeto sa kausap. Kapag naiuugnay ang mga ideya at naitugma ang wika sa antas ng damdamin ng kausap, nagiging mas epektibo ang interaksyon. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng inspirasyon ang mga nakikinig na maging mas aktibo sa pakikipag-usap, na nagtataguyod ng mas bukas at produktibong talakayan.

Bukod dito, ang pagkakaroon ng kumpiyansa sa malinaw na pagpapahayag ng opinyon ay nagmumula sa tamang paghahanda ng sarili. Ang pagiging handa sa pakikipag-usap ay nagdudulot ng positibong karanasan sa mga mag-aaral, na nagbibigay sa kanila ng tiwala na maipahayag ang kanilang saloobin sa harap ng iba. Ang prosesong ito ay nagtataguyod hindi lamang ng personal na pag-unlad kundi pati na rin ng kakayahang makipag-ugnayan nang malinaw at maayos.

Sa kabuuan, ang paglinang ng kasanayang komunikatibo gamit ang sosyal networking ay isang proseso ng pag-aaral na humuhubog sa mga mag-aaral na maging empatikong tagapakinig, maingat na tagapagsalita, at responsableng kalahok sa anumang talakayan. Ang mga kasanayang ito ay nagtataguyod ng pagkakaunawaan, respeto, at kumpiyansa, na pundasyon ng epektibong komunikasyon. Batay sa pag-aaral ni Chen *et al*. (2019), ang sosyal midya ay nagbibigay ng mga pagkakataon para sa pagpapalaganap ng epektibong komunikasyon. Ang paglinang ng kasanayang komunikatibo ay nakasalalay sa kakayahang bumuo ng tiwala at respeto, na parehong mahalaga sa anumang uri ng komunikasyon, maging *online* o personal.

Dagdag pa rito, ayon kay Kim *et al*. (2020), ang paggamit ng sosyal networking platforms ay nagtataguyod ng *collaborative learning* na mahalaga sa pagpapabuti ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Natuklasan sa

kanilang pag-aaral na ang aktibong pakikilahok sa mga talakayan *online* ay nagtataguyod ng interpersonal skills tulad ng empatiya, epektibong pakikinig, at malinaw na pagpapahayag ng ideya.

### iii). Epekto ng Sosyal Midya sa Kasanayang Komunikatibo sa Sosyal na Aspeto Ayon sa Pananaw ng mga Mag-aaral

**Talahanayan 14:** Epekto ng Paggamit ng Sosyal Midya sa Kasanayang Komunikatibo sa Sosyal na Aspeto

| Sosyal na Aspeto | WM | Verbal Description |
|---|---|---|
| Nakikipag-usap nang may respeto, lalo na kung may iba't ibang opinyon ang mga kausap | 4.55 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Natututong makipagtulungan sa mga grupo online para gumawa ng mga proyekto o matuto ng sabay-sabay | 4.33 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Sinusuri ang mga impormasyon sa sosyal midya para malaman kung totoo o hindi | 4.26 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Alam kung paano gumamit ng tamang kilos, ekspresyon ng mukha, at tono ng boses para mas maging malinaw at epektibo ang pakikipag-usap | 4.22 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Alam kung paano gamitin ang tamang mga salita, lalo na kapag nagpopost o nagsasalita sa harap ng maraming tao, para maging malinaw at kapanipaniwala | 4.21 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nagiging responsable sa pagbabahagi ng impormasyon at maingat sa pakikipag-usap online | 4.21 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Tapat at maingat sa mga sinasabi, at iniiwasan ang pagpapakalat ng maling impormasyon o tsismis | 4.20 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nauunawaan ang mga pagkakaiba sa paniniwala at kultura ng iba sa sosyal midya | 4.14 | Sumasang-ayon |
| Alam kung kailan at paano makipag-usap base sa tamang oras, paksa, at relasyon sa kausap | 4.09 | Sumasang-ayon |
| Maayos na tinatanggap at sinasagot ang mga puna o *feedback* mula sa mga kaklase o ibang tao *online* | 4.01 | Sumasang-ayon |
| Average | 4.22 | Lubos na Sumasang-ayon |

Nagkaroon ng average na weighted mean na 4.22 ang naging tugon ng mga mag-aaral na nagpapakita ng lubos na pagsang-ayon sa mga binigay na epekto ng paggamit ng sosyal network sa sosyal na aspeto ng kasanayang komunikatibo. May pinakamataas na weighted mean ang pakikipag-usap nang may respeto, lalo na sa iba't ibang opinyon ng kausap na 4.55 na nagpapakita ng paggalang sa iba't ibang pananaw, sinundan ito ng natututong makipagtulungan sa mga grupo *online* para gumawa ng mga proyekto o matuto nang sabay-sabay na may 4.33, na nagpapahiwatig ng mabisang kolaborasyon. Ang kanilang kakayahang masuri ang mga impormasyong ibinabahagi sa sosyal midya upang malaman kung totoo o hindi na may 4.26 ay nagpapakita ng kritikal na pag-iisip na mahalaga sa responsible komunikasyon.

### a) Karanasan at Obserbasyon ng mga Mag-aaral sa Kasanayang Komunikatibo sa Sosyal na Aspeto

**Talahanayan 15:** Karanasan at Obserbasyon ng mga Mag-aaral sa Epekto ng Sosyal Midya sa Kasanayang Komunikatibo sa Sosyal na Aspeto

| Codes | Themes |
|---|---|
| Nakikilala ang pagkakaiba ng opinion | Pagkilala sa pagkakaiba ng pananaw |
| Nakapagbabahagi ng ideya | Kolaborasyon |
| Nasusuri ang pagkamakatotohanan ng impormasyon | Kritikal nap ag-iisip |
| Natututo ng emosyunal na ekspresyon | Pagkaunawa sa ekspresyon ng emosyon |
| Nasusuri ang epekto ng salita | Pag-iingat sa pagpapahayag |

Ang paglinang ng kasanayang komunikatibo sa sosyal na aspeto gamit ang sosyal networking sayts ay nagpapakita ng mahalagang papel nito sa pagpapabuti ng pakikipag-ugnayan at pakikisalamuha ng mga mag-aaral. Sa paggamit ng sosyal network, natututo silang kilalanin ang pagkakaiba ng opinyon ng iba, na mahalaga para sa pagbuo ng respeto at pagtanggap sa magkakaibang pananaw. Ang ganitong kakayahan ay nagiging pundasyon ng mas maayos na komunikasyon, lalo na kapag may magkakaibang pananaw sa mga talakayan.

Bukod dito, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong makapagbahagi ng ideya, na nagtataguyod ng kolaborasyon sa mga gawain at proyekto. Ang kakayahang magtulungan *online* ay nagiging kasangkapan hindi lamang para sa akademikong tagumpay kundi pati sa pagpapalawak ng kanilang sosyal network.

Mahalaga rin ang kritikal na pag-iisip na nalilinang sa pagsusuri ng impormasyon mula sa sosyal network. Dahil sa dami ng impormasyon *online*, natututo silang magsuri kung ano ang totoo at maaasahan, na nagbibigay ng pundasyon sa responsableng paggamit ng sosyal midya.

Sa aspektong emosyonal, natututo rin ang mga mag-aaral ng emosyonal na ekspresyon, kabilang ang tamang paggamit ng kilos, ekspresyon ng mukha, at tono ng boses, na nakakatulong sa mas malinaw at epektibong komunikasyon. Higit pa rito, ang pagsusuri sa epekto ng salita ay nagdudulot ng pag-iingat sa pagpapahayag, lalo na kapag nagpopost o nagsasalita sa harap ng maraming tao. Ito ay mahalaga upang maiwasan ang maling pagkakaintindihan at masigurong kapanipaniwala ang kanilang mga mensahe.

Sa kabuuan, ang paggamit ng sosyal network ay nagiging daan para sa paglinang ng mahahalagang aspeto ng sosyal na komunikasyon—pagkilala sa iba't ibang pananaw, pakikipagtulungan, kritikal na pag-iisip, emosyonal na pagkilala, at responsableng pagpapahayag. Ang mga kasanayang ito ay nagiging pundasyon ng mas makabuluhang ugnayan sa kapwa. Sa pag-aaral nina Abiso *et al.* (2024), napag-alaman na ang paggamit ng sosyal midya ay may positibong epekto sa aspeto ng sosyal na komunikasyon ng mga mag-aaral. Napapadali nito ang pagpapalitan ng ideya at pagtutulungan sa mga grupo, na mahalaga upang magtagumpay. Ang sosyal midya ay nagiging plataporma para sa mga mag-aaral na mas maunawaan ang iba't ibang pananaw sa pamamagitan ng pakikisalamuha at pakikilahok sa mga diskusyon sa *online.* Samantala, ang papel ni Gayares (2024) ay nagbigay-diin sa ugnayan ng Facebook bilang isang sosyal network at ang interpersonal na komunikasyon ng mga Pilipino. Pinatitibay nito ang mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip at emosyonal na pagkilala sa kapwa, gamit ang

aspeto ng "kapwa" at "pakiramdam," na malalim na nakaugat sa kulturang Pilipino. Ang ganitong paraan ng paggamit ng sosyal midya ay nagiging daan upang higit na maunawaan ang damdamin ng iba at makipag-ugnayan nang mas mabisa.

**6. Ugnayan ng pagkakalantad sa sosyal network sa bokabularyo at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral**

**i). Ugnayan ng uri ng sosyal networking *account* na pagmamay-ari ng mga mag-aaral at kanilang bokabularyo**

**Talahanayan 16:** Ugnayan ng Uri ng Sosyal Networking *Account* na Pagmamay-ari ng mga Mag-aaral at Kanilang Bokabularyo

| Sosyal Networking *Account* | Bokabularyo | |
|---|---|---|
| | Pearson Correlation | Sig. (2-tailed) |
| Facebook | .456** | .002 |
| Twitter | .031 | .641 |
| Instagram | .042 | .530 |
| Tiktok | .389** | .004 |
| Snapchat | -.034 | .613 |

***Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed).*

Batay sa datos, ang Facebook na may r-value na .456 at TikTok na .389 ay nagpapahiwatig na may kaugnayan ang mga ito sa bokabularyo ng mga mag-aaral, nangangahulugan ito na mas madalas na paggamit ng mga *account* na ito ay maaaring magdulot ng mas malawak na kaalaman sa bokabularyo. Ayon kay Kim *et al.* (2020), ang Facebook ay isang platform na ginagamit hindi lamang para sa *social interaction* kundi pati na rin sa *academic engagement*. Ang mga mag-aaral ay nakikilahok sa mga talakayan, nagbabasa ng mahahabang post, at nagsasagawa ng interaktibong komunikasyon na naglalaman ng mas mayamang bokabularyo. Pinatunayan ito ng pananaliksik nina Martinez at Lopez (2020) na nagsasaad na ang paggamit ng *text-heavy* platforms tulad ng Facebook ay nagtataguyod ng mas mataas na antas ng kaalaman sa wika dahil sa mas malalim na diskusyon at pagpapalitan ng kaalaman.

Samantala, bagaman mas kilala ang Tiktok bilang isang *entertainment-based* platform, ipinakita nina Li at Wang (2022) na ang mga *video content* tulad ng *educational tips*, *vocabulary challenges*, at *language tutorials* ay may positibong epekto sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin sa kanilang pag-aaral na ang *visual* at *audio-based* na nilalaman ng Tiktok ay nagtataguyod ng mas mabilis na pagkatuto ng wika, lalo na kung ang *content* ay may malinaw na tagubilin at naaangkop na halimbawa ng paggamit ng salita.

**ii). Ugnayan ng bilang ng oras na ginugugol ng mga mag-aaral sa pag-*browse* sa mga sosyal networking sayts at kanilang bokabularyo**

**Talahanayan 17:** Ugnayan ng Bilang ng Oras na Ginugugol ng mga Mag-aaral sa Pag-*browse* sa mga Sosyal Networking Sayts at Kanilang Bokabularyo

| Epekto ng Pagagamit ng Sosyal Networking Sayts sa Bokabularyo ng mga Mag-aaral | | Bilang ng Orass a Pgagamit ng Sosyal Networking Sayts |
|---|---|---|
| | Pearson Correlation | -.042 |
| | Sig. (2-tailed) | .533 |
| | N | 223 |

Ang -.042 at ang p-value na .533 ay nagpapakita ng hindi makabuluhang ugnayan sa pagitan ng bilang ng oras na ginugugol ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga sosyal networking sayt at ang kanilang bokabularyo. Ipinapakita ng negatibong r-value na habang tumataas ang oras ng paggamit ng sosyal midya, bahagyang bumababa ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral, subalit dahil ang p-value ay mas mataas kaysa sa antas ng kahalagahan na .05, ang ugnayang ito ay hindi itinuturing na statistically significant.

Ayon sa pag-aaral nina Kemp *et al.* (2020), ang epekto ng sosyal midya sa bokabularyo ay nakasalalay hindi sa tagal ng paggamit kundi sa kalidad ng nilalamang tinitingnan ng mga mag-aaral. Ang mga platform na nagtatampok ng *educational content* at interaktibong materyal ay mas kapaki-pakinabang para sa paglinang ng bokabularyo kaysa sa mga *entertainment-based* na aplikasyon. Gayundin, binanggit ni Anderson (2019) na ang labis na paggamit ng sosyal midya para sa hindi pang-akademikong layunin ay maaaring humantong sa "*cognitive overload*," na naglilimita sa kakayahan ng mag-aaral na matuto at magtanda ng mga bagong salita.

**iii). Ugnayan ng layunin ng mga mag-aaral sa paggamit ng kanilang mga sosyal midya *account* at kanilang bokabularyo**

**Talahanayan 18:** Ugnayan ng Layunin ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Kanilang mga Sosyal Midya *Account* at Kanilang Bokabularyo

| Layunin sa Paggamit ng Sosyal Midya *Account* | Bokabularyo | |
|---|---|---|
| | Pearson Correlation | Sig. (2-tailed) |
| Makipag-ugnayan sa pamilya at kaibigan | .120 | .075 |
| Makakuha ng balita at impormasyon | .113 | .093 |
| Makahanap ng mga libangan at interes | .121 | .072 |
| Mag-aral o magsaliksik | .208** | .002 |
| Maghanap ng inspirasyon o ideya | .079 | .239 |

Batay sa datos, ang layunin ng paggamit ng mga sosyal midya *account* ay may magkakaibang ugnayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral, na ipinapakita sa pamamagitan ng mga *Pearson correlation values* at *p-values*. Dahil ang p-value na .002 ay mas mababa sa lebel ng significance na a=.05, ipinakikita nito ang makabuluhang ugnayan ng layuning mag-aral at magsaliksik at epekto ng paggamit ng sosyal networking sayts sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Mayroong positibong kaugnayang na .208 sa pagitan ng mga baryabol. Ipinapahiwatig nito na habang mas ginagamit ng mga mag-aaral ang sosyal midya para sa pag-aaral at pagsasaliksik, mas nagiging malawak ang kanilang bokabularyo.

Ayon kina Junco (2015) at Kemp *et al.* (2020), ang paggamit ng sosyal midya bilang platform para sa pagsasaliksik at pagkatuto ay napatunayang epektibo sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral, partikular kung sinasamahan ito ng mga interaktibong aktibidad tulad ng pagbabasa ng mga artikulo, panonood ng mga pang-edukasyong *video,* at pakikilahok sa mga *online* na talakayan. Bukod dito, binanggit nina Anderson at Rainie (2018) na ang paggamit ng sosyal midya para sa impormasyon at balita ay maaaring maging kapaki-pakinabang kung ang nilalaman ay wasto, komprehensibo, at mapagkakatiwalaan.

**Ugnayan ng uri ng sosyal networking *account* na pagmamay-ari at kasanayang komunikatibo**

**i). Ugnayan ng uri ng sosyal networking *account* na pagmamay-ari at kognitib na aspeto ng kasanayang komunikatibo**

**Talahanayan 19:** Ugnayan ng Uri ng Sosyal Networking *Account* na Pagmamay-ari at Kognitib na Aspeto ng Kasanayang Komunikatibo

| Sosyal Networking Account | Kognitibong Apeto | |
|---|---|---|
| | Pearson Correlation | Sig. (2-tailed) |
| Facebook | -.006 | .925 |
| Twitter | .017 | .797 |
| Instagram | .023 | .738 |
| Tiktok | -.049 | .469 |
| Snapchat | -.022 | .742 |

Batay sa resulta ng *Pearson Correlation Analysis*, ipinapakita ng datos na ang mga sosyal networking *accounts* tulad ng Facebook (-.006, p=.925), Twitter (.017, p=.797), Instagram (.023, p=.738), TikTok (-.049, p=.469), at Snapchat (-.022, p=.742) ay walang makabuluhang ugnayan sa kognitibong aspeto ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang lahat ng p-values ay mas mataas kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan na a=.05, na nangangahulugan na ang paggamit ng mga sosyal networking sayts na ito ay hindi tuwirang nauugnay sa pag-unlad ng kognitibong aspeto ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa datos na nakalap. Ayon kay Junco (2015), ang paggamit ng sosyal networking sayts ay maaaring magkaroon ng parehong positibo at negatibong epekto sa pagkatuto ng mag-aaral, depende sa layunin ng paggamit. Binanggit din nina Kemp *et al.* (2020) na ang sosyal networking sayts tulad ng Facebook, Twitter, at Instagram ay karaniwang ginagamit para sa personal na pakikipag-ugnayan at paglilibang, na maaaring magdulot ng kaunting epekto sa pag-unlad ng kognitibong aspeto ng kasanayang komunikatibo kung hindi ginagamit sa edukasyonal na paraan.

Sa kabila nito, mahalaga pa ring bigyang-diin ang potensyal ng mga sosyal networking platforms bilang kasangkapan sa edukasyon. Ayon kina Greenhow at Lewin (2016), maaaring maging epektibong kagamitan sa pagkatuto ang mga ito kung nagagamit nang tama, tulad ng sa *collaborative projects, knowledge sharing*, at pagpapalalim ng talakayan sa mga aralin. Ang kanilang mga tampok, tulad ng *real-time interaction* at madaling pag-*access* sa impormasyon, ay maaaring magbigay ng oportunidad para sa kritikal na pag-iisip at mas malalim na pag-unawa. Bagamat walang tuwirang ugnayan ang datos, ipinapakita ng mga pag-aaral na ang tamang paggabay at edukasyonal na paggamit ng mga sosyal networking platforms ay maaaring magdulot ng positibong epekto sa kognitibong aspeto ng pagkatuto.

**ii). Ugnayan ng bilang ng oras na ginugugol ng mga mag-aaral sa pag-*browse* sa mga sosyal networking sayts at kognitib na aspeto ng kasanayang komunikatibo**

**Talahanayan 20:** Ugnayan ng Bilang ng Oras na Ginugugol ng mga Mag-aaral sa Pag-*browse* sa mga Sosyal Networking Sayts at Kognitib na Aspeto ng Kasanayang Komunikatibo

| | | Kognitibong Aspeto |
|---|---|---|
| Bilang ng Oras sa Paggamit ng Sosyal Networking Sayts | Pearson Correlation | -.064 |
| | Sig. (2-tailed) | .342 |
| | N | 223 |

Batay sa resulta ng Pearson Correlation Analysis, ang bilang ng oras na ginugugol ng mga mag-aaral sa paggamit ng sosyal networking sayts ay may r-value na -.064 at p-value na .342. Ipinapakita ng negatibong ugnayang ito na habang tumataas ang bilang ng oras na ginagamit sa sosyal networking sayts, bahagyang bumababa ang antas ng pag-unlad ng kognitibong aspeto ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Gayunpaman, dahil ang p-value ay mas mataas kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan na a=.05, ang ugnayang ito ay hindi itinuturing na makabuluhan. Nangangahulugan ito na ang oras na inilaan sa paggamit ng mga sosyal networking sayts ay walang epekto o kaugnayan sa kognitibong aspeto ng kasanayang komunikatibo batay sa datos na nakalap. Ayon kina Greenhow at Chapman (2019) ang kalidad ng paggamit ng sosyal midya ay mas mahalaga kaysa sa tagal ng oras na ginugugol dito. Ang paggamit ng sosyal midya para sa mga layuning pang-edukasyon, tulad ng pananaliksik at *online* na diskurso, ay maaaring mapalawak ang bokabularyo at kasanayang komunikatibo ng mag-aaral.

**iii). Ugnayan ng layunin ng mga mag-aaral sa paggamit ng kanilang mga sosyal midya *account* at kognitib na aspeto ng kasanayang komunikatibo**

**Talahanayan 21:** Ugnayan ng Layunin ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Kanilang mga Sosyal Midya *Account* at Kognitib na Aspeto ng Kasanayang Komunikatibo

| Layunin sa Paggamit ng Sosyal Midya *Account* | Kognitibong Aspeto | |
|---|---|---|
| | Pearson Correlation | Sig. (2-tailed) |
| Makipag-ugnayan sa pamilya at kaibigan | .073 | .280 |
| Makakuha ng balita at impormasyon | .091 | .177 |
| Makahanap ng mga libangan at interes | -.111 | .098 |
| Mag-aral o magsaliksik | .203** | .002 |
| Maghanap ng inspirasyon o ideya | .089 | .187 |

Sa mga layuning inilahad, ang mag-aral o magsaliksik ay nagpakita ng makabuluhang ugnayan na may r = .203 at p = .002 na mas mababa sa lebel ng kahalagahan na 1=.05, nangangahulugang ang paggamit ng sosyal midya para sa edukasyonal na layunin ay may kaugnayan sa pag-unlad ng kognitibong aspeto ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ayon kina Greenhow at Chapman (2019), ang paggamit ng sosyal midya para sa akademikong layunin, tulad ng pagsasaliksik, pagbabahagi ng kaalaman, at pakikilahok sa mga talakayang *online*, ay nag-aambag sa pag-unlad ng kognitibong aspeto ng mga mag-aaral.

**iv). Ugnayan ng uri ng sosyal networking *account* na pagmamay-ari at apektib na aspeto ng kasanayang komunikatibo**

**Talahanayan 22:** Ugnayan ng Uri ng Sosyal Networking *Account* na Pagmamay-ari at Apektib na Aspeto ng Kasanayang Komunikatibo

| Sosyal Networking Account | Apektibong Apeto | |
|---|---|---|
| | Pearson Correlation | Sig. (2-tailed) |
| Facebook | .022 | .741 |
| Twitter | .067 | .317 |
| Instagram | .039 | .560 |
| Tiktok | -.055 | .416 |
| Snapchat | -.069 | .307 |

Batay sa resulta ng Pearson Correlation Analysis, ang lahat ng p-values ay mas mataas sa lebel ng kahalagahan na a=.05. Ipinapakita ng datos na walang makabuluhang ugnayan ang mga uri ng sosyal networking *account* sa apektibong aspeto ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ayon kina Ellison *et al*. (2018), ang epekto ng sosyal midya sa emosyonal na aspeto ng komunikasyon ay lubhang nakasalalay sa kung paano ginagamit ang mga platform. Ang pakikipag-ugnayan sa mga *supportive* na komunidad *online* ay maaaring magdulot ng positibong epekto tulad ng pagtaas ng kumpiyansa at pagpapahayag ng damdamin. Gayunpaman, kung ang sosyal midya ay ginagamit para sa pag-browse, maaaring hindi ito makapagbigay ng makabuluhang pag-unlad sa emosyonal na kakayahan ng mga gumagamit.

**v). Ugnayan ng bilang ng oras na ginugugol ng mga mag-aaral sa pag-*browse* sa mga sosyal networking sayts at apektib na aspeto ng kasanayang komunikatibo**

**Talahanayan 23:** Ugnayan ng Bilang ng Oras na Ginugugol ng mga Mag-aaral sa Pag-*browse* sa mga Sosyal Networking Sayts at Apektib na Aspeto ng Kasanayang Komunikatibo

| | | Apektib na Aspeto |
|---|---|---|
| Bilang ng Oras sa Paggamit ng Sosyal Networking Sayts | Pearson Correlation | -.026 |
| | Sig. (2-tailed) | .699 |
| | N | 223 |

Dahil ang p-value na .699 ay mas mataas kaysa sa antas ng kahalagahan na a = .05. Ipinapakita nito na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng bilang ng oras na ginugol sa sosyal midya at apektibong aspeto ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang negatibong ugnayan na r = -.026 ay nagpapahiwatig na habang tumataas ang bilang ng oras na ginugol sa sosyal midya, bahagyang bumababa ang apektibong kakayahan ng mga mag-aaral sa kasanayang komunikatibo. Ayon kina Keles *et al*. (2020), ang sobrang paggamit ng sosyal midya ay maaaring humantong sa *social comparison, anxiety*, at depresyon, na nakakaapekto sa emosyonal na kalagayan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, binanggit nina Best, Manktelow, at Taylor (2018) na ang epekto ng sosyal midya ay depende sa kalidad ng mga interaksyong nagaganap. Ang mga makabuluhang koneksyon at positibong pakikipag-ugnayan ay maaaring magdulot ng positibong emosyonal na epekto.

Samantala, ayon kina Kim *et al*. (2021), ang sosyal midya ay maaaring magbigay ng emosyonal na suporta at magpataas ng kumpiyansa sa sarili kung ginagamit para sa aktibong komunikasyon. Ngunit binigyang-diin din nila na ang labis na oras sa sosyal midya ay nagdudulot ng "*emotional fatigue*," na maaaring magresulta sa pagbaba ng emosyonal na kakayahan sa personal na pakikipag-ugnayan.

**vi). Ugnayan ng layunin ng mga mag-aaral sa paggamit ng kanilang mga sosyal midya *account* at apektib na aspeto ng kasanayang komunikatibo**

**Talahanayan 24:** Ugnayan ng Layunin ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Kanilang mga Sosyal Midya *Account* at Apektib na Aspeto ng Kasanayang Komunikatibo

| Layunin sa Paggamit ng Sosyal Midya *Account* | Apektib na Aspeto | |
|---|---|---|
| | Pearson Correlation | Sig. (2-tailed) |
| Makipag-ugnayan sa pamilya at kaibigan | .120 | .073 |
| Makakuha ng balita at impormasyon | .100 | .136 |
| Makahanap ng mga libangan at interes | .201** | .003 |
| Mag-aral o magsaliksik | .262** | <.001 |
| Maghanap ng inspirasyon o ideya | .111 | .098 |

Batay sa datos, ang mga p-value ng mga layuning makahanap ng mga libangan at interes na .003, at mag-aral o magsaliksik na <.001 ay mas mababa sa antas ng kabuluhan na a = .05. Ipinapakita nito na may makabuluhang ugnayan ang dalawang layuning ito sa apektibong aspeto ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na habang ginagamit ng mga mag-aaral ang sosyal midya para sa mga layuning ito, nagkakaroon sila ng positibong damdamin na maaaring magpahusay ng kanilang kumpiyansa, motibasyon, at kakayahang makipag-usap. Ayon kina Ellison *et al*. (2017), ang paggamit ng sosyal midya para sa *libangan at interes* ay nagbubunga ng positibong emosyon tulad ng kasiyahan at pagkakaroon ng pakiramdam ng pagkakabilang. Ang mga mag-aaral na nakikilahok sa mga *online* na komunidad na may parehong interes ay mas nagiging kumpiyansa sa pakikipag-usap dahil nagkakaroon sila ng pagkakataong magsanay ng komunikasyon sa hindi pormal na paraan.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Junco (2015) at Wang & Edwards (2016) na ang paggamit ng sosyal midya para sa *pag-aaral at pananaliksik* ay nagtataguyod ng aktibong paglahok sa mga talakayan at pagpapalitan ng ideya. Ang ganitong mga gawain ay nagtataguyod ng *self-efficacy* o paniniwala ng mag-aaral sa kanilang kakayahang magpahayag ng mga saloobin at kaalaman, na mahalaga sa apektibong aspeto ng komunikasyon.

**vii). Ugnayan ng uri ng sosyal networking *account* na pagmamay-ari at sosyal na aspeto ng kasanayang komunikatibo**

**Talahanayan 25:** Ugnayan ng Uri ng Sosyal Networking *account* na Pagmamay-ari at Sosyal na Aspeto ng Kasanayang Komunikatibo

| Sosyal Networking Account | Sosyal na Aspeto | |
|---|---|---|
| | Pearson Correlation | Sig. (2-tailed) |
| Facebook | .022 | .753 |
| Twitter | .010 | .880 |
| Instagram | .033 | .625 |
| Tiktok | .007 | .914 |
| Snapchat | -.098 | .147 |

Batay sa resulta ng analisis, ang lahat ng p-values ay mas mataas sa lebel ng kahalagahan na a=.05. Ipinapakita ng datos na walang makabuluhang ugnayan ang mga uri ng sosyal networking *account* sa sosyal na aspeto ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang pagkakaroon ng sosyal midya *accounts* ay hindi direktang nagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ayon kina Kuss at Griffiths (2015), bagaman malawak ang paggamit ng sosyal networking sayts tulad ng Facebook, Twitter, at Instagram, hindi nito awtomatikong naitutulak ang mas mataas na antas ng *social communication skills*. Nakadepende ito sa *intensidad* at *uri ng interaksyon* na nagaganap sa mga platform na ito.

**viii). Ugnayan ng bilang ng oras na ginugugol ng mga mag-aaral sa pag-*browse* sa mga sosyal networking sayt at sosyal na aspeto ng kasanayang komunikatibo**

**Talahanayan 26:** Ugnayan ng Bilang ng Oras na Ginugugol ng mga Mag-aaral sa Pag-*browse* sa mga Sosyal Networking Sayt at Sosyal na Aspeto ng Kasanayang Komunikatibo

| | | Sosyal na Aspeto |
|---|---|---|
| Bilang ng Oras sa Paggamit ng Sosyal Networking Sayts | Pearson Correlation | -.058 |
| | Sig. (2-tailed) | .391 |
| | N | 223 |

Dahil ang p-value na .391 ay mas mataas kaysa sa antas ng kahalagahan na a = .05. Ipinapakita nito na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng bilang ng oras na ginugol sa sosyal midya at sosyal na aspeto ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang negatibong ugnayan na r = -.058 ay nagpapahiwatig na habang tumataas ang bilang ng oras na ginugol sa sosyal midya, bahagyang bumababa ang sosyal na aspeto ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kasanayang komunikatibo o vice versa. Ayon kina Twenge *et al*. (2017), ang sobrang paggamit ng sosyal midya ay maaaring humantong sa *social displacement*, kung saan nababawasan ang *face-to-face interactions*, na mahalaga para sa paglinang ng *social communication skills*. Bagaman nakakapagbigay ang sosyal midya ng *virtua*l na espasyo para sa pakikipag-ugnayan, hindi nito palaging napapabuti ang *interpersonal communication* dahil sa kawalan ng *non-verbal cues* tulad ng tono ng boses at ekspresyon ng mukha.

Samantala, sina Shensa *et al*. (2018) ay nagpakita na ang labis na paggamit ng sosyal midya ay maaaring humantong sa pakiramdam ng *social isolation*, na nagiging hadlang sa aktwal na pakikipag-ugnayan sa mga tao sa totoong buhay. Ang mga mag-aaral na gumugugol ng maraming oras sa sosyal midya para lamang sa *passive consumption* ay nagkakaroon ng mas mababang antas ng *social connectedness*.

Gayunpaman, sa positibong konteksto, ipinakita ng pag-aaral nina Wang *et al*. (2020) na kapag ginagamit ang sosyal midya para sa *collaborative learning* at *group discussions*, nagkakaroon ng positibong epekto sa sosyal na aspeto ng komunikasyon. Ang mga mag-aaral na aktibong nakikilahok sa mga *online forums* at *study groups* ay nagkakaroon ng mas malawak na oportunidad para sa pagbuo ng kanilang komunikatibong kakayahan.

### ix). Ugnayan ng layunin ng mga mag-aaral sa paggamit ng kanilang mga sosyal midya *account* at sosyal na aspeto ng kasanayang komunikatibo


**Talahanayan 27:** Ugnayan ng Layunin ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Kanilang mga Sosyal Midya *Account* at Sosyal na Aspeto ng Kasanayang Komunikatibo

| Layunin sa Paggamit ng Sosyal Midya *Account* | Sosyal na Aspeto | |
|---|---|---|
| | Pearson Correlation | Sig. (2-tailed) |
| Makipag-ugnayan sa pamilya at kaibigan | .099 | .140 |
| Makakuha ng balita at impormasyon | .075 | .268 |
| Makahanap ng mga libangan at interes | .222** | <.001 |
| Mag-aral o magsaliksik | .246** | <.001 |
| Maghanap ng inspirasyon o ideya | .111 | .099 |

Batay sa datos, ang parehong p-value ng mga layuning makahanap ng mga libangan at interes, at mag-aral o magsaliksik na <.001 ay mas mababa sa antas ng kabuluhan na a = .05. Ipinapakita nito na may makabuluhang ugnayan ang dalawang layuning ito sa sosyal na aspeto ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na ang paggamit ng sosyal midya para sa mga layuning ito ay may direktang epekto sa kanilang kakayahan sa pakikisalamuha at pakikipag-ugnayan sa iba. Ayon kay Valkenburg at Piotrowski (2017), ang sosyal midya ay nagiging epektibong daluyan para sa *social engagement*, lalo na kung ginagamit ito ng mga mag-aaral upang maghanap ng mga interes at makilahok sa mga *online communities*. Ang pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na nakatuon sa mga libangan at akademikong interes ay nagbibigay ng mga oportunidad para sa *collaborative learning* at *peer communication*, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng sosyal na kasanayang komunikatibo.

Sa pag-aaral nina Kim at Yang (2018), natuklasan na ang *active* sosyal midya *use* para sa *educational purposes* tulad ng pananaliksik at pagsasaliksik ng impormasyon ay nagdudulot ng mas malawak na *social networking opportunities*. Ang mga mag-aaral na lumalahok sa mga *online study groups* at *discussion forums* ay nagkakaroon ng mas mataas na antas ng *social competence*, kabilang ang kakayahan sa *interpersonal communication* at *collaborative problem-solving*.

### 7. Larawan ng balangkas sa pagpapaunlad ng bokabularyo at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral




**Pigura 1:** Balangkas sa Pagpapaunlad ng Bokabularyo at Kasanayang Komunikatibo

Ang balangkas na ito ay naglalaman ng detalyadong hakbang sa pagpapalawak ng bokabularyo at paglinang ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral gamit ang sosyal midya platforms tulad ng Facebook at TikTok. Binibigyang-diin nito ang tatlong aspeto ng pagkatuto: kognitib, apektib, at sosyal upang gawing mas epektibo at makabuluhan ang paggamit ng sosyal midya sa pag-aaral ng wika.

Ang pangunahing layunin ng balangkas ay tukuyin at gamitin ang mga estratehiya na magpapalawak sa bokabularyo ng mga mag-aaral at lilinang sa kanilang kasanayang komunikatibo sa iba't ibang konteksto. Layunin din nitong gawing mas aktibo at epektibo ang kanilang pakikilahok sa komunikasyon maging *online* o sa aktuwal na interaksyon.

Sa unang bahagi ng balangkas ay tumutukoy sa mga pangunahing salik na kinakailangan upang maisakatuparan ang programa. Kabilang dito ang paggamit ng mga sosyal midya platforms, partikular ang Facebook at TikTok, upang maipakilala ang mga makabago at makabuluhang pamamaraan ng pagkatuto. Ang Facebook ay gagamitin sa pagbabahagi ng *educational posts, group discussions*, at *resources* na magpapayaman sa kaalaman ng mga mag-aaral. Samantala, ang TikTok ay magsisilbing plataporma para sa interaktib at malikhaing pagkatuto gamit ang maikling *videos*. Mahalaga rin ang paggamit ng mga edukasyonal na materyales tulad ng artikulo, *posts, videos*, at *learning modules* na may kaugnayan sa sosyal midya. Ang mga guro, mag-aaral, at magulang ay may mahalagang papel bilang *stakeholders*: ang mga guro bilang tagapagpadaloy ng mga aralin, ang mga mag-aaral bilang aktibong kalahok, at ang mga magulang bilang tagasuporta sa bahay.

Sa Ikalawang bahagi, binubuo ng tatlong aspeto ng pagkatuto:

kognitibo, apektibo, at sosyal. Sa kognitibong aspeto, ang mga aktibidad tulad ng integrasyon ng nilalaman, *task-based learning*, at *gamification* ay gagamitin upang makapagbigay ng mas masaya at makabuluhang pagkatuto. Ang integrasyon ng nilalaman ay nagsusulong ng pagkuha ng bokabularyo mula sa *trending posts, hashtags*, at *captions,* habang ang *gamification* ay nagpapasigla sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagsusulit at pagsubok. Sa apektibong aspeto, binibigyang-diin ang pagpapahayag ng sarili ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggawa ng sariling nilalaman, tulad ng vlogs at pagkukwento, at ang paggamit ng *motivational tools* gaya ng *positive reinforcement* sa pamamagitan ng *likes* at *comments*. Sa sosyal na aspeto, isinasaalang-alang ang mga pangkatang gawain tulad ng *group discussions* at *duet challenges* sa TikTok upang palakasin ang interaksyon at etikal na komunikasyon para sa responsableng paggamit ng wika sa *online* platforms.

Ang inaasahang resulta ng programang ito ay ang pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral, na nagagamit hindi lamang sa akademikong konteksto kundi pati na rin sa pang-araw-araw na usapan. Sa kasanayang komunikatibo, inaasahang magiging malinaw at tama ang pagpapahayag ng kanilang mga ideya, at sila'y magiging mas aktibo sa talakayan, *online* man o aktuwal. Isa rin sa mga inaasahang bunga ay ang mas malalim na pagpapahalaga sa responsableng komunikasyon, kung saan ang paggalang sa iba't ibang pananaw gamit ang tamang wika ay magiging pangunahing gabay.

Sa kabuuan, ang balangkas na ito ay naglalayong gawing mas epektibo ang paggamit ng sosyal midya bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng bokabularyo at paglinang ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang estruktura na ito ay nakatuon sa pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa modernong panahon ng digital na komunikasyon.

## Konklusyon

Mas maraming kababaihan ang gumagamit ng sosyal networking sayts kumpara sa mga kalalakihan, bagamat maliit lamang ang agwat sa pagitan ng dalawang kasarian. Ipinapakita nito na ang paggamit ng mga sosyal midya platform ay hindi limitado sa isang kasarian lamang, ngunit maaaring mag-iba batay sa kanilang interes at layunin.

Ang Facebook at TikTok ay nagsisilbing pangunahing daluyan ng impormasyon at komunikasyon ng mga mag-aaral. Ang oras na ginugugol ng mga mag-aaral sa mga platform na ito ay karaniwang nasa isa hanggang dalawang oras bawat araw. Ang pangunahing layunin ng paggamit ng sosyal networking sayts ay ang pakikipag-ugnayan sa pamilya at kaibigan, at pag-aaral at pananaliksik.

Ang mga babaeng mag-aaral ay mas madalas gumamit ng Instagram, TikTok, at Twitter kaysa sa mga kalalakihan. Ang kasarian ng mag-aaral ay walang ugnayan sa oras na ginugugol sa pag-browse at layunin sa paggamit ng sosyal midya.

Ang paggamit ng sosyal networking sayts ay may epekto sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Ito ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa bagong salita, pagiging pamilyar sa madalas gamitin na bokabularyo, at mas maayos na pag-unawa sa konteksto at kahulugan ng mga salita. Bukod dito, nagiging mas mahusay din ang kanilang kakayahan sa tamang paggamit ng wika at pagpapahayag ng ideya sa iba't ibang sitwasyon.

Ang sosyal midya ay may epekto sa kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa kognitibong aspeto, nagkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa at mas mahusay na kakayahang magbigay ng lohikal na opinyon. Sa apektibong aspeto, nagiging mas magalang at sensitibo sila sa damdamin ng iba, habang sa sosyal na aspeto, nagiging mas mahusay silang makipag-ugnayan at makipagtulungan sa kanilang kapwa.

Ang kalidad at layunin ng paggamit ng sosyal networking sayts ay mas mahalaga kaysa sa tagal ng paggamit pagdating sa paglinang ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na gumagamit ng kanilang mga sosyal midya accounts para sa akademikong gawain tulad ng pananaliksik at pag-aaral ay mas nagkakaroon ng malawak na bokabularyo kumpara sa mga gumagamit ng sosyal midya para lamang sa libangan.

Ang pagkakaroon ng sosyal midya accounts tulad ng Facebook, Twitter, Instagram, TikTok, at Snapchat ay walang kaugnayan sa pag-unlad ng kasanayang komunikatibo kung ito'y ginagamit lamang para sa libangan. Gayunpaman, kung ito'y ginagamit para sa layunin ng pag-aaral, pagkuha ng impormasyon, at pakikilahok sa mga online na talakayan, nagkakaroon ito ng positibong epekto sa mga mag-aaral.

Ang nabuong balangkas ay naglalaman ng komprehensibong pamamaraan na gumagamit ng mga makabagong estratehiya ng pagkatuto upang linangin ang bokabularyo at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Inaasahan na ang balangkas na ito ay magiging epektibong gabay sa pagbuo ng mga programang pang-akademiko na tumutugon sa pangangailangan ng makabagong panahon ng digital na komunikasyon.


## Pagkilala

Ang mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa lahat ng mga naging bahagi na nagbigay ng kanilang suporta at gabay sa pagbuo ng disertasyong ito.

Una sa lahat, sa PANGINOONG DIYOS, sa patuloy na paggabay at pagbibigay ng lakas, karunungan, at determinasyon upang matapos ang pag-aaral na ito.

Sa aking tagapayo, Dr. Ma. Theresa E. Macaltao, sa walang sawang paggabay, pag-unawa, at suporta mula sa simula hanggang sa pagtatapos ng pag-aaral. Ang iyong mga payo, ideya, at kaalaman ay naging malaking bahagi ng paghubog sa disertasyong ito.

Gayundin, taos-pusong pasasalamat sa mga miyembro ng komite, Dr. Cynthia P. Lopez, Dr. Rodelio C. Gauuan, Dr. Marilou E. Cayabyab, Dr. Relly Rachelle D. Abalos at sa OIC Dean ng *Institute of Graduate and Professional Studies*, Dr. Priscilla R. Castro, para sa kanilang mahalagang kontribusyon, mga suhestiyon, at kritisismo na nagpayabong sa kalidad ng pananaliksik na ito.

Lubos din ang pasasalamat ng mananaliksik sa pamunuan ng Lambakin National High School, Marawa National High School, at Putlod-San Jose National High School na naging daan upang makakuha ng sapat na datos para sa isinagawang pag-aaral.

Gayundin sa naging kalahok ng pag-aaral, lubos na pasasalamat sa oras at tiwala na inyong ibinahagi sa pag-aaral. Ang inyong mga kontribusyon ay mahalaga sa tagumpay ng disertasyon na ito.

Sa mahusay at masipag na tumayong *statistician* ng pag-aaral na si Sir Ron Alfie J. Santiago na buong tiyaga at husay na tumulong sa pagsusuri ng mga datos ng pag-aaral na ito.

Sa kanyang mga kamag-aral, Abigail B. Salutin at Bezalel DC. Balmonte na hindi nang-iwan sa hirap at ginhawa ng kanilang pag-aaral mula sa simula hanggang sa dulo.

Sa kanyang mga kasamahang guro at kaibigan na tumulong, nagbigay ng mga suhesyon at suporta at patuloy na naniwala

sa kakayahan ng mananaliksik, Ma'am Siena Rizza C. De Luna, Ma'am Lovely B. Masiglat, Ma'am Jocelyn P. Perez, Ma'am Cyrine R. Guinto, at Sir Aries R. Bautista.

Sa kanyang pinakamamahal na asawa na si Rowel, sa walang sawang pagmamahal, pagtatyaga, at pagsama sa akin sa panahon ng aking pag-aaral. Sa aking mga magulang, Tatay Kano at Nanay Lina, na siyang pinaghugutan ng lakas at inspirasyon ng mananaliksik para tapusin ang pag-aaral na ito. Gayundin sa kanyang mga kapatid at hipag at mga pamangkin, Cynthia, Diana, Dexter, Brielle, Benedict, Maricel, Jeudell. Ang inyong pang-unawa sa aking mga sakripisyo at ang inyong paniniwala sa aking kakayahan ay naging pangunahing sandigan ko sa pagharap sa mga hamon ng pag-aaral na ito.

Higit sa lahat, taos-pusong pasasalamat sa lahat ng tumulong sa mananaliksik sa kanyang akademikong paglalakbay. Ang inyong mga ambag, maliit man o malaki, ay naging tulay sa pagkamit ng kanyang mga pangarap.

**Sanggunian**

1. Agarwal R & Wang J. The impact of social media on students' learning and communication skills. *International Journal of Educational Technology*. 2019; 16(3):22-33.
2. Ahmed M & Ward J. The role of social media in vocabulary acquisition: A study among young learners. *Journal of Language Learning and Teaching*. 2019; 5(3):123-134.
3. Ahn J. *The influence of social network sites on high school students' social and academic development*. In M. B. & P. P. (Eds.), Handbook of Research on Children's and Young Adult Literature (pp. 182-199). IGI Global, 2014.
4. Chen X & Zhang L. Cultural Interaction and Language Development in Social Media Contexts. *Journal of Intercultural Communication Research*. 2021; 50(1):13-25.
5. Cheung CMK, Chiu PY & Lee MKO. Online social networks: Why do students use Facebook? *Computers in Human Behavior.* 2011; 27(4):1337-1343.
6. Crystal D. The Internet and Language Change: New Forms of Communication. Cambridge University Press, 2018.
7. Escamilla-Fajardo P, Alguacil M & López-Carril S. Incorporating TikTok in higher education: Pedagogical perspectives from a corporal expression sport sciences course. *Journal of Hospitality, Leisure, Sport & Tourism Education*, 2021, 28, 100302.
8. Ghufron MA & Ermawati S. The Strengths and Weaknesses of Cooperative Learning and Problem-based Learning in EFL Writing Class: Teachers and Students' Perspectives. *International Journal of Instruction.* 2018; 11(4):657-672.
9. Godwin-Jones R. Using social media for language learning: Theories and practices. *Language Learning & Technology.* 2018; 22(3):1-9.
10. Godwin-Jones R. Emerging Technologies: Language Learning and Social Media. Language Learning & Technology. 2019; 23(3):4-8.
11. Haimson OL. *Social media filters are helping people explore their gender identity.* MIT Technology Review. Retrieved from MIT Technology Review, 2022.
12. Hertlein KM & Ancheta K. *Digital communication and relational dynamics: A contextual perspective*. Springer, 2020.
13. Huang R, Spector JM & Yang J. Educational Technology: A Primer for the 21st Century Learner. Springer, 2021.
14. Junco R. The relationship between frequency of Facebook use, participation in Facebook activities, and student engagement. Computers & Education. 2012; 58:162-171.
15. Kang Y, Park J & Bae Y. The Impact of Vocabulary Learning on Communication Skills. *Journal of Language Teaching and Research*. 2021; 12(4):543-554.
16. Kasilingan E & Chinnasamy S. The Role of Social Media in Education. *International Journal of Educational Research*, 2018.
17. Keles B, McCrae N & Grealish A. Social media and collaborative learning: The impact on interpersonal communication. *Journal of Technology in Education and Learning.* 2021; 36(3):221-240.
18. Lau KY. Social media as a tool for enhancing cognitive communication skills: A critical review. *Language and Technology Review*. 2020; 12(2):67-85.
19. Nadkarni A & Hofmann SG. Why Do People Use Facebook? Personality and Individual Differences. 2019; 139:1-4.
20. Pereira ME, Viana TF & Lima MJ. Exploring the role of social networks in intercultural competence: Bridging cultural understanding in education. *Journal of Educational Technology*. 2022; 55(3):301-315.
21. Sadeghi K & Khezrlou S. Vocabulary Learning through Social Media: Cognitive Perspectives. *Journal of Educational Technology*. 2020; 51(3):215-232.
22. Saito K, Webb S, Trofimovich P & Isaacs T. How Vocabulary Knowledge Affects Speaking Proficiency. Language Learning. 2019; 69(2):330-371.
23. Smith R & Williams T. Social media engagement and its affective benefits in language learning. *Educational Psychology Journal*. 2021; 9(4):345-361.
24. Vosoughi S, Roy D & Aral S. The spread of true and false news online. *Science.* 2018; 359(6380):1146–1151.
25. Warschauer M & Kern R. Network-based Language Teaching: Concepts and Practice. Cambridge University Press, 2018.
26. Williams R. Social media and language acquisition: Facebook and TikTok as tools for communication development. *Journal of Social Media and Education*. 2021; 12(3):57-72.
27. Yoon H & Kim H. Motivation and Self-Efficacy in Language Learning through Social Media. *Journal of Educational Psychology*. 2022; 94(2):121-134.